


## Pangkalahatang Tanaw

Maaaring hirangin ang Hong Kong bilang isang multikultural na lungsod, ngunit ang ilang mga residenteng etnikong minoridad (EM) nito ay napapabayaan dahil sa hadlang sa wika at mga pagkiling. Dahil dito, kumokonti ang mga oportunidad sa edukasyon at trabaho, na nagpapanatili ng masamang siklo kung saan nahihirapan ang pagtaas sa lipunan at ganap na integrasyon.

## Demograpiko


- Sa katapusan ng 2016, 92% ng populasyon ng Hong Kong ay Tsino. Kasama sa 8% na hindi Tsino ay mga Puti, Filipino, Indian, Indonesian, Hapon, Koreano, Nepalese, Pakistani, Thai, at iba pa.
- Mula 2006 hanggang 2016, lumaki ang populasyon ng hindi Tsino mula 342,198 hanggang 584,383, na malayong nilampasan ang paglaki ng pangkalahatang populasyon. Ang kalakaran ay pangunahing maituturo sa paglaki ng mga dayuhang kasambahay (FDW). Sa pagitan ng 1996 at 2016, ang bilang ng FDW ay lumaki mula 157,000 tungong 352,000.
- Kaalinsabay nito, maraming EM ay nasa Hong Kong sa loob ng maraming henerasyon, kasama ang mga miyembro ng tropang Indian at ang brigadang Gurkha na Nepali sa panahong kolonyal sa ilalim ng mga Britano, at ang Indian at iba pang mangangalakal na dumarating para mangalakal noon.

### Populasyon na Hindi Tsino



## Edukasyon

- Ang antas ng pagdalo sa paaralan ay mas mababa sa mga EM, partikular sa mga may edad 18-24 (pagkatapos ng sekondarya). Ibinubukod ang FDW, ang antas ng pagdalo sa paaralan para sa grupong edad na ito ay tumaas sa 43.3%.
- Ang Tsino ay ang pangalawang (o kahit ikatlo/ikaapat na) wika sa maraming EM. Sa mga EM na may edad 5 pataas, ang Ingles ang wika na kadalasang sinasalita sa tahanan, na may 45.6% nila ang nag-uulat na gayon. Habang halos kalahati (48.6%) sa mga EM ay nag-aangkin na nakakapagsalita sila ng Cantonese, marami sa kanila ay FDW na ginagamit ang Cantonese upang makipag-usap sa kanilang mga employer.
- Bagaman ipinakilala ng Pamahalaan ang Balangkas ng Pagkatuto ng Ikalawang Wika sa Kurikulum ng Wikang Tsino at ang Kurso sa Inilapat na Pagkatuto sa Tsino noong 2014/15,



**Mga antas ng pagdalo sa paaralan noong 2016**

maraming stakeholder ang nagtuturing na kailangan pa na ipinakilala ang isang kurikulum para sa pagkatuto ng Tsino bilang isang ikalawang wika. Sa kabila ng pagkabuwag ng tinatawag na “mga itinalagang paaralan” para sa mga mag-aaral na hindi nagsasalita ng Tsino noong 2013/14, higit kalahati sa mga mag-aaral na EM ng Hong Kong ang nagtipun-tipon sa mga paaralan na may malaking bahagdan ng mga mag-aaral na hindi Tsino, ilan sa kanila ay may 90%, na nangangahulugan na patuloy silang humaharap sa mga hadlang sa integrasyon sa pangunahing komunidad.

## Trabaho

- Ang pakikilahok sa lakas-paggawa ng mga EM (85.9%) ay mas mataas sa antas ng pangkalahatang populasyon (60.8%), pangunahin dahil sa FDW. Kung saan sila ay maibubukod, ang antas ng pakikilahok sa lakas-paggawa ng mga EM ay nagiging 64.5%. Ang mga kalalaking EM ay may antas ng pakikilahok na 78.1%, mas mataas sa pangkalahatang populasyon ng kalalakhian (68.4%). Sa kabaligtaran, ang antas para sa mga kababaihang EM (50.6%) ay mas mababa sa antas ng pangkalahatang populasyon ng kababaihan (54.5%). Ang antas ay mas mababa pa para sa ilang mga etnikong grupo, tulad ng mga kababaihang Pakistani (18.5%).
- Ang mayorya (74.7%) ng mga nagtatrabahong etnikong minoridad ay nasasangkot sa “mga payak na trabaho”, na kapansin-pansing mas mataas sa bahagdan ng kabuuang populasyon ng nagtatrabaho (20.9%). Ito ay pangunahin dahil sa marami sa kanila ay FDW. Gayundin, may mga pagkakaiba-iba sa distribusyon ng mga trabaho sa iba’t ibang etnikong grupo. Halimbawa, 37.4% at 37.9% ng kalalaking Nepalese at Pakistani ay nakapagtrabaho sa mga payak na trabaho, habang ang bahagdan para kalalaking Indian at Puti ay 6.7% at 1.7% ayon sa pagkakasunod-sunod.
- Ang karaniwang kitang kada buwan ng mga EM ay nasa \$4,250, kumpara sa \$15,000 para sa pangkalahatang populasyon. Ibinubukod ang FDW, ang buwanang kita ng mga EM ay tumaas sa \$20,000. Kapansin-pansing nagkakaiba ang pigura sa pagitan ng iba’t ibang etnikong grupo, mula HK\$58,000 para lalaking puti hanggang \$12,800 para sa lalaking Pakistani.



## Akses sa mga Bilihin, Pasilidad at Serbisyo

- Karaniwan sa mga EM na humarap sa diskriminasyon kapag kumukuha sila ng mga bilihin at serbisyo. Noong 2016, hinawakan ng EOC ang 213 reklamo sa ilalim ng Ordinansa sa Diskriminasyon sa lahi (RDO). Mula dito, 178 kaso ay may kaugnayan sa panunumpa sa katungkulan ng mga mambabatas. Ang mga natitirang kaso ay nauukol nang pangunahin sa probisyon ng mga bilihin, pasilidad at serbisyo. Base sa mga pag-aaral na isinagawa at puna na kinolekta ng EOC, sa ibaba ay ilang mga karaniwang alalahanin na pinansin ng EM:



Pagsasalin at pangangasiwa ng mga gusali at paligid — ang ilang mga may-ari ng ari-arian ay tumatangging parentahan ang kanilang mga apartment sa mga EM.




Mga serbisyo sa pananalapi — Ang ilang EM ay tinatanggihan kapag nagbubukas ng mga account sa bangko.



Pangangalagang medikal at pangkalusugan — ang mga EM ay hindi kayang makakuha ng napapanahong panggamot dahil sa sagabal sa wika at mga hindi sapat na serbisyo ng interpretasyon.

## Legal na Proteksiyon mula sa Diskriminasyon



Sa ilalim ng RDO, diskriminasyon, panggigipit at paninirang-puri alinsunod sa lahi ay paglabag sa batas. Kapag sinabing, lahi, nangangahulugan ito na lahi, kulay, lipi, kabansaan o etnikong pinagmulan ng isang tao. Inirekomenda ng EOC sa Pagrepaso ukol sa Batas sa Diskriminasyon na ang Pamahalaan ay: (1) ipagbawal ang panlahing diskriminasyon sa pag-ehersisyo ng mga tungkulin o kapangyarihan ng Pamahalaan (2) ipagbawal ang diskriminasyon at panggigipit sa pamamagitan ng pagbibigay kaugnayan, at (3) ipawalang-bisa ang eksepsiyon sa bokasyonal na pagsasanay at edukasyon na may kaugnayan sa midyum ng pagtuturo.

*Batis ng impormasyon: Populasyon Ayon sa Senso ng 2016, Ulat Tematiko ukol sa mga Etnikong Minoridad*

Karapatang-Ari © **Komisyon sa Pantay-pantay na Oportunidad**, Enero 2018

Address: 16/F, 41 Heung Yip Road, Wong Chuk Hang, Hong Kong

Tel: 2511 8211 Fax: 2511 8142 E-mail: [eoc@eoc.org.hk](mailto:eoc@eoc.org.hk) Website: [www.eoc.org.hk](http://www.eoc.org.hk)